

Qui post resurrectionem suam
omnibus discipulis suis
manifestus apparuit et, ipsis
cernentibus, est elevatus in
caelum, ut nos divinitatis suae
tribueret esse participes.

Et ideo cum Angelis et
Archangelis, cum Thronis et
Dominatiónibus cumque omni
militia coeléstis exercitus
hymnum glóriæ tuæ cānimus,
sine fine dicentes:
— Sanctus, Sanctus,
Sanctus...

ANG COMMUNICANTES SA MISA

SA AMING PAKIKIISA at masayang pagdiriwang ng kabanal-banalang araw ng na
ang Iyong Bugtong na Anak, na aming Panginoon, kaisa ng aming mahinang
pagkatao na Kaniyang inangkin, iniluklok Niya sa kanan ng Iyong Ka-
luwalhatian: *at gayundin sa magalang na paggunita...*

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 67:33-34

PSALLITE Dómino, qui ascéndit
super coelos coelórum ad
Oriéntem, allelúja.

Pagkaraan ng kaniyang muling pagkabuhay,
hayagan siyang nagpakita sa lahat niyang mga
alagad, at sa harap nila'y dinala siya sa langit,
upang bahaginan kami ng kaniyang pagka-
Dios.

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga
Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay
nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay
ipinagbubunyi naming walang humpay ang
iyong kaluwalhatian:
— **Santo, Santo, Santo Panginoong Dios**
ng mga hukbo...

UMAWIT kayo sa Panginoon, siyang umakyat
sa ibabaw ng mga langit ng mga langit sa
liwanag na walang hanggan, aleluya.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

PRAESTA nobis, quæsumus,
omnípotens et miséricors Deus:
ut, quæ visibílibus mystériis
suménda percépimus, invisibíli
consequámur effectú. Per
Dóminum nostrum.

MAKAPANGYARIHAN at maawaing Dios, ang
mga banal na misteryo na tinanggap nawa
namin ay maging mabisa sa aming mga
kaluluwa. Alang-alang kay Hesukristong
Panginoon namin...

Hermanidad de la Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin



ANG KAPISTAHAN NG PAG-AKYAT SA LANGIT NG ATING PANGINOONG JESUCRISTO

Misa "Viri Galilaei"

• 1 cl. • Doble 1 cl. • Puti

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Gw 1:11

VIRI Galilæi, quid admirámini
aspiciéntes in coelum? allelúia:
quemádmódum vidístis eum
ascendéntem in coelum, ita
véniét, allelúia, allelúia, allelúia.
— Ps 46:2 Omnes gentes,
pláudite mánibus: iubiláte Deo
in voce exsultatiónis. V. Gloria
Patri. Viri Galilaei.

KAYONG MGA taga-Galilea, bakit kayo narito't
nakatingala sa langit, aleluya. Kung paano
ninyo siya nakitang umaakyat sa langit, gayon
ding paririto, aleluya, aleluya, aleluya!
— **Salmo 46:2** Magpalakpakan kayong mga
bansa, makigalak sa Dios nang buong saya. V.
Luwalhati sa Ama. — Kayong mga taga-
Galilea...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Dios)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

CONCEDE, quæsumus,
omnípotens Deus: ut, qui
hodiérna die Unigénitum tuum,
Redemptórem nostrum, ad
coelos ascendisse crédimus; ipsi
quoque mente in coeléstibus
habitémus. Per eundem
Dóminum.

IPAGKALOOB MO nawa, O Dios na
makapangyarihan, na ang mga nananalig na
umakyat na ngayong araw ang iyong Bugtong
na Anak na aming Manunubos ay manahan
sana Siya sa aming diwa kasama Niya sa
kalangitan. Sa pamamagitan pa rin ni
Jesucristong Panginoon namin...

Pagbasa mula sa Gawa ng mga Apostol.

SA AKING UNANG AKLAT, TEOFILO, isinalaysay ko ang lahat ng ginawa at itinuro ni Jesus buhat sa pasimula hanggang sa araw na siya'y umakyat sa langit. Bago siya umakyat, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ay nag-iwan siya ng mga bilin sa kanyang mga apostol na kanyang hinirang. Sa loob ng apatnapung araw pagkatapos ng kanyang pagkamatay, nagpakita siya sa kanila at sa pamamagitan ng maraming katibayan ay pinatunayan niyang siya'y buháy. Nagturo siya sa kanila tungkol sa paghahari ng Dios. Samantalang siya'y kasama pa nila, pinagbilinan sila ni Jesus, "Huwag muna kayong aalis sa Jerusalem. Sa halip, hintayin ninyo roon ang ipinangako ng Ama na sinabi ko na sa inyo. Si Juan ay nagbautismo sa tubig, ngunit di magtatagal at babautismuhan kayo sa Espiritu Santo." Nang magkatipon si Jesus at ang mga alagad, nagtanong sila kay Jesus, "Panginoon, itatatag na po ba ninyong muli ang kaharian ng Israel?" Sumagot si Jesus, "Ang mga panahon at pagkakataon ay itinakda ng Ama sa kanyang sariling kapangyarihan, at hindi na kailangan pang malaman ninyo kung kailan iyon. Subalit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at sa Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig." Pagkasabi nito, si Jesus ay iniakyat sa langit habang ang mga alagad ay nakatingin sa kanya, at natakpan siya ng ulap. Habang sila'y nakatitig sa langit at siya'y iniakyat, may dalawang lalaking nakaputi na lumitaw sa tabi nila. Sabi nila, "Kayong mga taga-Galilea, bakit kayo nakatayo rito at nakatingin sa langit? Itong si Jesus na umakyat sa langit ay magbabalik gaya ng nakita ninyong pag-akyat niya." — **R. Salamat sa Dios.**

DAKILANG ALELUYA • Ps 46:6; 67:18-19

Allelúia, allelúia. Ascéndit Deus in jubilatione, et Dóminus in voce tubæ.

Allelúia. **V.** Dóminus in Sina in sancto, ascéndens in altum, captivam duxit captivitatem. **Allelúia.**

Aleluya, aleluya! Ang Poong Dios ay umaakyat nang buong saya sa saliw ng mga trompeta.

Aleluya. **V.** Ang Panginoon ay nasa banal na bundok ng Sinai. Mula sa kailaliman, siya'y umakyat; pinalaya ang mga nabibihag. **Aleluya!**

EBANGHELYO • Mc 16:14-20

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Marcos.

NOONG PANAHOONG IYON: Nagpakita si Jesus sa labing-isang alagad habang kumakain ang mga ito. Sila ay pinaglalitan niya dahil sa hindi nila pananalig

sa kanya at dahil sa katigasan ng kanilang ulo, dahil ayaw nilang maniwala sa mga nakakita sa kanya pagkatapos na siya'y muling mabuhay. At sinabi ni Jesus sa kanila, "Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ang Magandang Balita sa lahat ng tao. Ang sinumang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, ngunit ang ayaw sumampalataya ay paparusahan. Ang mga sumasampalataya ay bibigyan ng kapangyarihang gumawa ng mga himala: sa pangalan ko'y magpapalayas sila ng mga demonyo at magsasalita ng iba't ibang wika. Hindi sila mapapahamak kahit dumampot sila ng ahas o makainom ng lason; at gagaling ang mga maysakit na papatungan nila ng kamay." Pagkatapos niyang magsalita sa kanila, ang Panginoong Jesus ay iniakyat sa langit at umupo sa kanan ng Dios. Humayo nga at nangaral ang mga alagad sa lahat ng dako. Tinulungan sila ng Panginoon sa gawaing ito. Pinatunayan niyang totoo ang kanilang ipinangaral sa pamamagitan ng mga himala na ipinagkaloob niya sa kanila. — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May** Credo o Sumasampalataya.

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 46:6

ASCENDIT Deus in jubilatione, et Dóminus in voce tubæ, allelúja.

UMAakyat ang Dios sa masasayang hiyawan at ang Panginoon sa tinig ng trumpeta, aleluya.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

SUSCIPE, Dómine, múnera, quæ pro Filii tui gloriósa censione deférimus: et concéde propítius; ut a præséntibus pérículis liberémur, et ad vitam per veniámus ætérnam. Per eundem Dominum.

TANGGAPIN mo, Panginoon, ang mga alay na ito para sa maluwalhating pag-Akyat ng iyong Anak. Para mo nang awa't lingapin Mo kami sa mga kasalukuyang ligalig at makamit ang buhay na walang-hanggan. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin...

PREPASYO NG PAG-AKYAT NI HESUS

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine, sancte Pater omnípotens, ætérne Deus: per Christum, Dóminum nostrum.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Panginoon, Amang banal at makapangyarihan walang hanggang Dios, sa pamamagitan ni Cristo naming Panginoon.